GEE-GEE AT WATERINA
ni J. Dennis C. Teodosio

MGA TAUHAN:

WATERINA	Lagpas ng 75 taong gulang. Mahinhin o malamyang kumilos. Umaaastang parang diva.
GEE-GEE	Lagpas ng 60 taong gulang. Maliksing kumilos. Halatang mapagmalaki.

ILANG MGA PAUNA TUNGKOL SA DULA:

Sa pag-uusap ng mga tauhan, hindi layon ng dula na gawing "condescending" ang pagtingin ng mga tauhan sa isa't isa lalo na sa pagpapalitan nila ng mga linya. Pangkaraniwan na iyon sa uri ng pamumuhay na inilalarawan nila.

Bagama't maganda sanang "literal" na "i-quote" ang mga tauhan, minabuting ang regular na banghay (spelling) o gamit (usage) na lamang ilang mga salita ang ginamit. Halimbawa: "emote" sa halip na "emowt"; "footstep" sa halip na "putstep"; "City Hall" sa halip na "Seti Hol"; at iba pa. Iaasa na lamang sa imahinasyon ng babasa o sa interpretasyon ng magsasadula ang "accent" o "line delivery" ng mga tauhan. Sa ilang pagkakataon, ang kahulugan ng mga salitang bakla ay binibigyan ng kaukulang paliwanag.

Hangad ng dula na salaminin ang pagiging sensitibo ng buhay ng mga tauhan, hindi ang lantad na kabalahuraan ng ipinapakitang pamumuhay nila.

TAGPUAN:

Sa roof top ng isang seven-storey residential building, halos hatinggabi na, kasalukuyan.

φ

Dilim sa simula.

Papailanlang ang “This is My Life” (beryson ni Shirley Basil). Saglit pa, tututok ang ilaw kay WATERINA. Nasa gitna siya ng tanghalan, suot ang isang makinang na costume at feather boa. Kakanta siya, gagayahin ang isang show girl at aastang nasa isang full production number.

Makapal ang kolorete ni WATERINA. Kahit sa malayo, kapuna-puna ang mataray at malanding iginuhit na mga kilay niya.

Matatapos na ang kanta pero itutuloy pa rin ni WATERINA ang pagkanta. Damang-dama niya iyon.

WATERINA
This is my life…

Sa unahang bahagi ng bubungan (o ng tanghalan), uupo si WATERINA sa isang bench. May pamaypay sa tabi niya. Nakatiklop iyon at nasa mga dalawang piye ang haba. Mayroon din ilang mga abubot na pang-make-up.

Sa may banding likuran ni WATERINA, maraming mga nakasampay na damit na pang-japayuki at bed sheet, daig pa nila ang mga banderitas sa pista.

Ngayon, liwanag na lang ng buwan ang tanglaw sa kabuuan ng roof top (o ng tanghalan).

Nang tumigil sa pag-awit, huhubarin ni WATERINA ang costume at feather boa. Maiiwan na lang ang suot niyang silk robe.

WATERINA
(Sa sarili.)
Mabuti na lang at nagpalaba ang mga japayuki sa baba. At least, kahit papaano, meron akong panlandi. Kumpleto ang mga ka-chu-chu-an at ka-ek-e-kan. Hay, nakakainip talaga ang maghintay. Anong oras kaya ang dating ni Konsehal?

Ano ba naman itich? Parang walang silbi ang gabing ito. Tanging ang liwanag lang ng moon ang kasama ko. At ito ako, larawan ng sadness. Walang ginawa kung ‘di awitin ang favorite piece ko.

(Aawit ulit. Mas feel na feel.)
This is my life…

Biglang matitigilan si WATERINA. Aastang may matatanaw sa ibaba. Saglit pa, mapapangisi siya. Sobrang tamis.

Aba, tingnan mo nga naman ang s’werte…

Muling sisipatin ang tinatanaw.

(Sa sarili. Excited.)
Oh, what a big syeeeet! Isang bagets.

Kikiligin sa WATERINA pagkatapos ay aayusin ang sarili.

(Medyo malamya.)
Hoy, bagets!

Sisigla ang mukha ni WATERINA pero wala siyang makukuhang sagot mula sa tinatawag.

(Sa sarili.)
Ang g'wapo! Papa-material. Hay, ang delicious! Sagad to the bones.

Muling ayusin ni WATERINA ang sarili na parang umaasang lilingunin ng tinatawag.

(Mas malakas.)
Hoy, bagets! Pauwi ka na ba?

(Mas malakas pa.)
Hoy, bagets! Hoy, 'di mo ba 'ko napapanood sa TV? E, sa sine? Malapit mo na 'kong mapanood sa sine.

(Hihina na ang pagbitaw.)
Ako si...

Tuluyang madidismaya si WATERINA sa hindi pagpansin sa kaniya ng tinatawag.

(Sa sarili.)
Ay, bakit tumakbo? 'Di yata maganda ang view ko rito.

(Hahabol ng paliwanag. Aarteng parang "mananangggal".)
Hoy, bagets, may paa 'ko!

(Frustrated.)
Hay, kelan kaya ako makaka-jackpot ng bagets? Ang buong akala ko pa naman, this is my night.

Ilang saglit pa, darating si GEE-GEE.

Halatang naka-peluka lang si GEE-GEE. Kapansin-pansin naman ang malaki niyang tiyan na parang sa anim na buwang buntis. Suot niya ang ginantsilyong sandong kulay kutsinta o sapin-sapin, pantalong gabarding masikip at bell-bottomed, at pambahay na tsinelas na may malaking naninilaw na ulo ni Picachu ang design nito.

Sisilip si GEE-GEE mula sa likuran ng mga sinampay na damit at aanyong siyang gugulatin si WATERINA pero ---

WATERINA
(Hindi niya lilingunin si GEE-GEE.)
Konsehal, tama na ang emote. Kabisado ko na ang footstep mo. Kanina ka pa ba?

GEE-GEE
(Dismayado.)
Manash, bilib ako sa radar mo. Sa gurang mong 'yan, dapat e me hearing aid ka na. Pero tingnan mo, chika ka pa rin ang supersonic instinct mo! Para kang isang super hero sa komiks. Bwahahahahah!

WATERINA
(Maiirita.)
Ilang taon pa lang akong lumalagpas sa binggo, 'no. Anong akala mo sa 'kin, kaklase ni Tandang Sora sa Grade One. Ikaw nga d'yan --- ang edad mo e mahigit na sa dalawang kalendaryo pero tuwing birthday mo lagi pang may eighteen roses. Ang kapal talaga, feeling daisy. Hoy, Konsehal, tigilan mo ako, ha.

GEE-GEE
Manash, 'di ba, ang sabi ko, "Kon-Si-Hala".

(“Hala” – pang-aakit ng lalaki.)

Patay-malisya lang si WATERINA.

GEE-GEE
Again, “Kon-Si-Hala”.

(Manggagalaiti.)
Hindi "Kon-Si-Hal". Sa mga halal ng bayan na katulad ko, dapat may stress sa salitang-ugat. Again: Kon-Si---Hala! With proper stress: Kon-Si-Hala! Sayang na lang ang niladlad kong kapa noong nanumpa ako sa City Hall.

WATERINA
'Wa na nga ko sey. Bow lang ako at look pa sa sky! Period. Alam ko na ang kasunod n'yan. Ipapangalandakan mo na naman na third term mo na. So, goodbye na sa City Hall at hello na sa Congress.

GEE-GEE
Hoy, Manash, 'wag magtaray. Baka maisip kong 'wa na ang pagka-give ko ng--

WATERINA
(Magmamadaling tatayo at masayang lalapitan si GEE-GEE. Excited.)
Don't tell me, nakuha mo na?

GEE-GEE
Secret...

WATERINA
Patingin. H'wag mo na 'kong i-suspense. Nangangatog na ang small at large intestine ko sa kaba. Please...

GEE-GEE
O, ngayon mo 'ko tarayan. Ngayon mo ngaragin ang aking political ambition! Pasalamat sila, super fan ako ni Showie at ni Kiko. 'Ba, kung hindi, ako na ngayon ang unang mayor na muher ng Pasay.

(Tila ma-i-imagine.)
'Di ang ganda, Manash? The Ever-Honorable Gee-Gee.

WATERINA
Magkano?

'Yong napag-usapan?

GEE-GEE
Hulaan mo?

Me dagdag.

WATERINA
Magkano nga?

Ngingisi si GEE-GEE.

GEE-GEE
Hulaan mo?

WATERINA
(Maiinis na.)
Konsehala, bakla lang ako --- 'di manghuhula. Magkano sabi, e?

Ngingisi lang ulit si GEE-GEE. Mas mang-aasar.

WATERINA
(Mas higit ang excitement.)
Post dated?

Iiling na naman si GEE-GEE.

WATERINA
Cash?

GEE-GEE
(Mamamaywang. Tila nagmamatigas.)
Ded-ma. Comatose lang ako rito.

Biglang mag-iiba ng mood si WATERINA.

WATERINA
Fine! Ded-ma, ha!

(Lalakas ang boses.)
Ano kaya kung i-chika ko sa Misis mo at sa mga anak n'yo na 'yong bodyguard mo na si Joaquin ay 'di talaga bodyguard lang? Ang totoo --- bina-body mo!

(Mas lalakas pa. Tila gustong may iba pang makarinig.)
Ano kaya kung i-tsika ko sa Misis mo at sa mga anak n'yo na madalas kayong mag-kwiki ni Joaquin sa opisina mo sa City Hall.

("Kwiki" – mabilisang pagtatalik.)

Mabilis na pipigilan ni GEE-GEE ang pagsasalita ni WATERINA.

GEE-GEE
Stop, Manash! Wala namang damayan ng pamilya.

(Iaabot ang tseke.)
Okey, 'to na.

May dudukutin si GEE-GEE mula sa bulsa niya. Isang tseke. Hahawakan niya ito sa may dulo na namimilantik ang mga daliri.

WATERINA
(Halos patili. Matinis. In orgasmic order.)
Yezzzzzz! Ang datung. Ang anda. Ang chenelyn. Ang tseke!

Mabilis na muling maibubulsa ni GEE-GEE ang tseke bago pa man iyon mapag-tangkaang maagaw ni WATERINA.

GEE-GEE
Hep-hep! Mama Monchang, stop, in the name of love. Cool ka lang. Baka mapunit, sige ka. 'Kaw rin, sayang ang datung.

WATERINA
'Buti ibinigay na sa 'yo?

GEE-GEE
(Magmamalaki.)
S'yempre pa. Sabi ko, dapat C-O-D. Kas on da dat! Gets mo, Manash? Tumupad tayo sa usapan, dapat sila rin.

WATERINA
Ang galing mo talaga. Isa kang pekpek creation ni Lord.

GEE-GEE
Manash, I was born with beauty and brains. Kumpara sa 'yo, ako ay bata, sariwa, at bukod-tanging pinagpala. Sayang na lang ang pagiging host ko ng "Etchosan Lang" for so many number of years over DI-ZE-AR-ETCH, otso trenta y singko sa talapihitan, ng number one na himpilan ng radyo sa buong nation. I am a very proud member ng K-B-P ---Kapisanan ng mga Baklush na Pumapa-impapawid.

Kiming ngingiti si WATERINA.

GEE-GEE
Ito na nga ang katuparan ng mga pangarap ko para sa ‘yo. Pinag-uusapan ka na ng lahat. Naalala mo ang press conference natin?

WATERINA
(Kiminng tatangon at saka ngingiti.)
Oo, nga. Salamat sa press. Sana naman, mabigyan ko sila ng pa-party. Ano sa palagay mo, Manash?

Parang walang narinig si GEE-GEE.

GEE-GEE
Manash, never in the history of this archipelago na naging gan’on kadami ang nag-appear na press people. Gawin ba naman natin ang press con sa gay bar, ‘di ba? Pasalamat ka na lang sa magic ng payola at sa aking fantastic PR.

WATERINA
E, ginawa mo rin naman ‘yon ke Sarah Jean?

GEE-GEE AT WATERINA
(Sabay na mapapaantanda.)
Sumalangit nawa ang kan’yang kaluluwa.

GEE-GEE
Ang boyatang ‘to! Feeling ingrata ka?

WATERINA
Slight lang.

GEE-GEE
(Pandidilatan si WATERINA.)
Tandaan mo ‘to, Manash.F-Y-I, ha. For your intelligence, ha. Put this in your coconut na makunat. Magka-iba kayo. Si Sarah Jean, bilat. Ikaw, nangangarap maging bilat at magkaroon ng bilat.

(Mas ididiin.)

Si Sarah Jean, sumikat dahil kay Aida Macaraeg, sa AIDS. Ikaw, sumikat dahil sa mga Sakang.

Malulungkot si WATERINA.

GEE-GEE
Apektado ka? Tigilan mo ako, Manash. Alam mo ang truth. You are not just GEE GEE's protégée. You are my dearest friend. Kung ako si B1, ikaw si --- Dodeng Daga!

Iiwas ng tingin si WATERINA.

GEE-GEE
We go a long, long, long, long, long, way. Gano'n kahaba. Ga-kilometro!

WATERINA
Talaga?

GEE-GEE
Ang matandang 'to, makakalimutin na talaga. Second childhood mo na? Ano ka ba sa buhay ko? Isa kang pundasyon.

WATERINA
Pundasyon? Anong tingin mo sa 'kin? Isang troso ng ginawang haligi ng bahay. Hoy, Pining Garcia, my figure is still perfect. Kaya ko pang mag-mini-skirt at magsuot ng four-inch high heels. Pagmasdan mo ang true Coca Cola body.

GEE-GEE
Coke?

WATERINA
Naman.

GEE-GEE
Coke in can!

Iismid si WATERINA.

GEE-GEE
Ang baba ng IQ mo, ha, Manash. Below sea level. Low tide pa 'yon, ha. Pun-das-yon! Ibig sabihin, importante ka sa 'kin.

WATERINA

GEE-GEE

Trulili? Trulala!

WATERINA
How?

GEE-GEE
Kelan ba tayo naging magka-chika?

WATERINA
'70's.

GEE-GEE
Tama! Ang galing mo, bakla!

WATERINA
Salamat.

Then, ano na ngayon?

Bagong milenyo.

So?

Anong so?

GEE-GEE
Ay, tanga. Sobrang boba. 'Di mo alam ang koneks'yon?

Iiling si WATERINA.

GEE-GEE
Ay, kelan ka pa ba naging adik? Tumira ka ba ng katol o suminghot ng sunog na tsinelas?

WATERINA
Of course not. Sex slave ako. Hindi adik!

GEE-GEE
Aba, Manash, pa-witty ka pa, ha. Let me explain everything as if you were a three-year old child. Una, ilang dekada na tayong magkasama. Meaning marami na tayong pinagdaanan. Gets mo, Manash?

Tatango si WATERINA.

GEE-GEE
Pangalawa, you have been with me through ups and downs. Gets mo, Manash?

Tatango muli si WATERINA.

GEE-GEE
Sino ang kasama kong mang-getsing ng menthol?

WATERINA
Ako.

GEE-GEE
Sino ang nakakaalam ng dati akong chickboy? Mapa-chick ---

(Boses lalaki.)
Mapa-boy.

Hindi kikibo si WATERINA.

GEE-GEE
(Mas malakas at may diin.)
Sino ang nakakaalam na dati akong chickboy? Mapa-chick ---

(Boses lalaki.)
Mapa-boy.

Aastang maduduwal si WATERINA.

GEE-GEE
Ano ‘yan? I-de-deny mo ang totoong buhay ko. Hoy, Mazinger Zee, bago ako namakyaw ng lalaki, ilang girlie-lu na rin ang dumaan sa mga palad ko.

(Boses lalaki.)
Bago ako naging fairy, isa muna akong playboy.

Mas lalong maduduwal si WATERINA.

GEE-GEE
Buntis ka?

Iiling si WATERINA.

GEE-GEE
P’wes, ‘wag mag-inarte. Sagutin mo ang tanong ko.

(Babalik sa dating puwesto.)
Dito ulit, ha.

(Boses lalaki ulit.)
Sino ang nakakaalam na dati akong chickboy?...

Mapa-chick ---

(Boses lalaki.)
Mapa-boy...

WATERINA
(Halatang mapipilitan.)
Ako.

GEE-GEE
Good! Next question. Sino ang nakakaalam ng mga extra-curricular activities ko --- past, present, at future tense?

WATERINA
Ako.

GEE-GEE
Sino ang kasama ko noong ako tinagurian akong hari ng tsizmizzzzzz sa showbizzzzzz?

WATERINA
Ako.

GEE-GEE
Sino ang nagpapayong sa 'kin habang kinakamayan ko ang mga mahihirap na botante ng Pasay?

WATERINA
Ako.

GEE-GEE
Sino ang kasama kong nag-alaga tapos nagpalibing sa mga matatandang bakla dito sa atin, dito sa Home for the Golden Gays?

WATERINA

Ako.

GEE-GEE
Sino ang pinagkatiwalaan kong mag-make-up ng mga babaeng pinalilipad ko sa Japan?

WATERINA
Ako.

GEE-GEE
Sino ang inaasahan kong magpamisa at magbigay ng donasyon ko sa mga simbahan sa Metro Manila at sa mga kanugnog pang mga probinsya?

WATERINA
Ako.

GEE-GEE
Sino ang pinatira ko sa seven-storey, fully-paid, fully-owned, fully-furnished, full of love and life na balayzu ko?

WATERINA
Ako.

GEE-GEE
Sino ang kasama kong nag-pe-pray kay Lord para pigilin n'ya ang pagkakaroon ko ng uban at mapanatili ang aking glamorous, young looking, ever refreshing, magnetic looks?

WATERINA
Ako.

GEE-GEE
At ang huli, ang pinaka-importanteng tanong ng bayan --- sino, sino ang bibiyayaan ko ng tsekeng itich?

WATERINA
(Ala Tolits sa Tide commercial.)
Ako, ako, ako. Sa bayAng 'to, ako na lang lagi.

GEE-GEE
P'wes, malinaw na ba ang lahat?

Iiling si WATERINA.

GEE-GEE
Manash, halos naubos na ang lahat ng mga tandang pananong sa Earth dahil sa dami ng mga question kong binitawan. Tigilan mo na ang inggit kay Sarah Jean. Masama ang inggit sa katawan ng bakla. Magkakaroon ka nga varicose veins.

WATERINA
Tama ka nga, Acheng. Ang mahalaga, hawak na natin ang kabayaran.

GEE-GEE
Korek! So, let's get down to business.

WATERINA
E, ano na ang gagawin natin d'yan?

GEE-GEE
Let me see?

Si GEE-GEE naman ang uupo. Aayusin niya ang sarili at saka ikukuyakoy ang hangin sa paa.

Dadamputin naman ni WATERINA ang pamaypay. At paulit-ulit, papaypayan ang kaniyang sarili. Parang init na init.

WATERINA
O, ano na? Ano na ang gagawin natin d'yan?

GEE-GEE
Ay, oo nga pala, Manash --- Sabi ni Tito Dolps, t'yak na happy ka raw dito kasi me bonus. Kasama kasi kayo sa Metro Manila Film Festival. Ang inaabangan ng buong nation na taunang MMFF. O, 'di ba?

(Aastang puputungan ng korona si WATERINA.)
Festival queen ka na, Manash! Nakikita ko na sa billboard ang name mo: Waterina, ang matandang baklang nag-wa-water sa tuwina! Waterina.

Mag-re-react si WATERINA. Tila hindi nagustuhan ang sinabi ni GEE-GEE.

GEE-GEE
O, sige na nga, Waterina, the comfort... gay!

Parang nakikini-kinita na rin WATERINA ang sinasabi ni GEE-GEE.

GEE-GEE
O, anong sey ni Nana Rosas sa 'yo?

WATERINA
Nana Rosas?

GEE-GEE
Yes, Nana Rosas. Ang “comfort woman”. Ang female version mo! Ang naging dahilan ng tampuhan namin ni Ate Bee, the star of all Seasons – winter, spring, summer, and fall. Remember? S’ya dapat ang unang may pelikula pero dahil sa aking ka-eklatan, ikaw ang nasa limelight.

WATERINA
Correct! Naalala ko ang mga debate namin sa TV. Ilang beses nga ba kaming nagtapat sa Dos at sa S’yete. Pati yata sa Channel Four, Nine, at Thirteen umapir kami. Tapos, muntik na rin kay Larry King sa CNN. Ngayon s'ya magmaganda sa 'kin. At least ako 'wa pa sa pagkatigok nang naisapelikula ang makulay kong buhay. Mapapanood ko pa sa Megamall ang movie ko. Ngayon n'ya uli sabihin na peke ako at nang magkalintikan kami sa'n man s'ya naroroon.

Oo, 'wa na ako sa pagkahagulgol sa mga interview. Ba't pa? Anong iiyakan ko? Hahayaan ko bang mag-rundown ang aking precious tears habang kinukuwento ko ang isang trak ng mga Sakang na hayok na hayok na nagpasasa sa aking native, extremely exotic, one-of-a-kind beauty.

Oo, masama ang loob ko, pero 'di ko kailangang mag-super-krayola dahil naging mas matatag na 'ko sa mga pinagdaanan ko. Ayoko namang maging chaka sa mga television interview ko. Remember, dapat alagaan ang international appeal. Dapat, kahit tragic na ang dating, poised pa rin beauty ko. Malay n'yo, me mga producer na nanonood. Aba, 'di pa

huli na mabigyan ako ng acting break. Isa pa, isa lang naman talaga ang naging problema ko no'n pa --- ang maging bata at maganda magpakailan man! For obvious reasons, hindi ko na kailangan pang ihagulgol 'yon, 'no.

Tatayo si GEE-GEE at lalapitan si WATERINA.

GEE-GEE
Charito Solis ikaw ba 'yan? Lumabas ka sa katawang lupa ng matandang bading na 'yan? Iwanan mo ang kaibigan ko. Alis!

WATERINA
He! 'Wag mong sirain ang aking dramatic moment.

(Seryoso ulit.)
Anong pinagsasabi ng Nana Rosas na 'yan sa mga interview na nag-enjoy naman ako sa panggagahasa ng mga Sakang? Of course not!

Titikhim si GEE-GEE.

WATERINA
(Biglang magbabago ng tono.)
Konti lang.

Aayusin ni WATERINA ang sarili. Tila lalong magmamalaki.

WATERINA
Sige, mag-aminan na kung mag-aaminan. Hindi lang naman dapat ang mga Sakang ang sisisihin ko. Hindi naman talaga sila ang pumitas ng cherry ko.

(Nostalgic.)
Trese anyos ako noon. Isang blushing dalagita.

(Parang bata.)
Step, no. Step, yes.

(Parang may kausap na kalaro.)
Putang ina mo, Tonyo, ha. Ibalik mo ang pamato ko. Isusumbong kita sa nanay mo. Ang daya-daya mo.

(Nostalgic ulit.)

Mahinhin ako no'n. Walang muwang sa kamunduhan.

(Lalapit siya sa sampay na bed sheet sa likuran.)
Isang kaibigan ng kapatid ko ang nagsamantala sa aking innocence. Wala akong nagawa. Isa siyang character actor. Matipuno. Kaya n'ya akong durugin sa kan'yang macho arms. Una, super close s'ya sa 'kin. Lagi akong kinakandong. Nilalaro niya ang dulo ng tenga ko.

(Hahawakan ang dulo ng tenga niya.)
Ayan, o, lumaylay na. Hay, naku, talaga.

Magbabago ang ilaw. Tututok lang kay WATERINA. Isang lalaki ang nakabuli sa bed sheet. Siya ang aastang magsasamantala kay WATERINA.

WATERINA
Tapos, bigla na lang. Nagdilim ang lahat.

Susubsob si WATERINA. Tila itinulak. Maya-maya pa, tila kinakabayo na siya. Aanyong hirap na hirap sa sakit pero wala siyang magagawa.

WATERINA
Kuya, anong ginagawa mo? Bakit mo hinuhubad ang panty ko? Kuya bakit mo --- Kuya, masakit --- Kuya, 'wag --- Kuya --- Aray!

(Halos lupaypay na sa panghihina.)
Sumigaw ako ng walang patumanggang help pero my feminine voice was overpowered by the beast. Nagising na lang akong naglalawa. Ginamitan n'ya ako ng Purico cooking oil.

Babalik ang dating ilaw sa tanghalan. Mawawala na ang lalaki.

GEE-GEE
Audition, ba 'to? Napalupasay ka pa, ha? Kumpleto ang linya at may angst pa ang delivery.

(Ididiin.)
Anong akala mo sa buto mo, milk teeth na 'pag nabali tutubo?

WATERINA
Totoo lahat 'yon.

GEE-GEE
Ilang percent?

WATERINA
200%!

GEE-GEE
Yeah, Sister. The truth shall set you free…

WATERINA
Well, after my rapes. Notice the “s”?

GEE-GEE
Yes naman!

WATERINA
Plural s’yempre, ‘di ba? So after nga, 'di ko na mabilang ang mga lalaking nagdaan sa 'kin. Kung pagsasama-samahin sila at ilalagay sa Corregidor, kulang ang buong island.

(Lalapit sa bed sheet sa likuran.)
At ‘di lang ‘yon, gagawa pa kayo ng tulay papuntang Palawan hanggang makatawid ng Batanes.

GEE-GEE
Astig. Pang-world record, ha.

Saglit na katahimikan.

Magbabago ang ilaw. Tututok lang ulit kay WATERINA.

WATERINA
Naaalala kong lahat. Bigla silang dumating. Isang trak sila. Dalawampung mga Sakang. Sinakay nila kami. Anim kaming mga muher. Dinala nila kami sa may kamalig.

Tatlong lalaki ang nakakubli sa bed sheet. Sila ang aastang gagahasa kay WATERINA. Magpupumiglas si WATERINA pero hindi rin siya makakawala.

WATERINA

Binalibag nila kami. Nilapastangan nila kami sa lahat ng sulok. Nagmakaawa ako. Nagmakaawa kami. Pero bingi sila. Hayok sila. Hayok na hayok.

Babalik ang dating ilaw sa tanghalan. Mawawala na ang tatlong lalaki.

WATERINA
(May hinanakit.)
Kaya 'yong mga Sakang na 'yon, pinagparausan man ako, 'wa ring epek sa 'kin 'yon. 'Di naman nila 'ko dapat pinilit, e.

(Halos maiiyak na.)
Madali naman akong kausap. Kahit na siguro, walang pinag-usapan, e, p'wede. 'Wag lang sana nila akong ginahasa at pinagpasapasahan.

Dudukutin muli ni GEE-GEE ang tseke mula sa kaniyang bulsa.

GEE-GEE
Ang haba ng monologue, ha. Minsan kaya, ibahin mo ang style.

(Itituro ang gilid ng bubungan.)
Tumalon ka kaya ro'n. Reminder lang, ha, si Tito Dolphs ang ma-no-nominate sa mga award-giving body at 'di ang beauty mo kaya wa na sa paglintaya ng mga dramatic line.

Ipapakita ni GEE-GEE ang tseke kay WATERINA.

GEE-GEE
O, 'to na ang tseke. Anong plano?

Mabilis na aagawin ni WATERINA ang tseke.

WATERINA
Ano nga ba ang plano? Let me refresh my memory.

Aanyong mag-iisip si WATERINA.

WATERINA
Me bonus nab a 'to?

Ngingiti sa GEE-GEE.

WATERINA
Me komisyon ka?

Iiling lang si GEE-GEE.

WATERINA
Talaga?

Muling iiling si GEE-GEE.

WATERINA
Cross your heart?

GEE-GEE
Ang matandang 'to. Anong akala mo, starlet ka pa na kailangang pagkakitaaan ko pa ang na-bu-book? Iyo 'yan lahat!

(Magbabago ng tono.)
May sarili akong tseke. 'Di ba nga, kinuwenta ko ang kita. Me bayad ako sa pagkukuwento ko ng kuwento mo. Nakuha ko na!

WATERINA
So, akin na lang 'to?

GEE-GEE
Tumpak to the max!

Matamis ang ngiti ni WATERINA.

WATERINA
Salamat, ha.

GEE-GEE
Don't mention it, Manash. O, hala, sabihin na ang balak. Biruin mo, sa tagal ng usapan, dapat matagal na natin knowing 'yan, ha.

WATERINA
'Di kasi ako nagbibilang ng sisiw hanggang 'di napipisa ang itlog, e.

GEE-GEE
Sisiw ka d'yan. Manok na ngayon ang dapat mong bilangin.

WATERINA
A, e... Pa'no nga kaya?

GEE-GEE
(Tuloy-tuloy at mabilis ang pagsasalita.)
Alam ko na, Manash! Gamitin natin ang pera sa lalake! Pupunta tayo sa may beach sa Cavite. Uupa tayo ng cottage. Tapos, magpapa-book tayo ng plenting mentsu. Manash, magpapa-barya tayo ng tig-be-bente para me ay pila sila. Then, sasalain natin sila.

("Mentsu" – lalaki.)

(Aarteng parang 'di magkandatuto sa dami ng mga lalaki kikilatisin.)
Excuse me. Excuse. 'Wag kayong mag-alala. Titingnan ko kayo isa-isa. O, ikaw. Tingin sa akin. P'wede. Makinis ang mukha. Walang pimples. Buo ang ngipin. Pasado ka. Akin ka. Pasok. O, ikaw naman. Ay, 'di masyadong beauty. May bukbok ang mukha. Open your mouth. Ay, madilaw ang gilagid. May tartar. O, sige, uwi ka na. Eto, ang barya. Bumili ka ng kendi sa kanto. Thank you.

Ganoon dapat, Manash. Dahil marami na tayong pera, dapat choosy na tayo. I-se-segregate natin. According to height or according to beauty or according to the length of the armed forces! Itsura na lang ni Cleopatra sa drama natin habang naka-line-up ang service boys.

WATERINA
Ay, ayoko na yata sa Cavite. Ayokong kumain ulit ng alikabok. Isa pa 'di yata naghihilod ng betlog ang mga lalaki ro'n. Ang aalat nila. Madalas makakatagpo nga tayo ng tipelya nating mentsu tapos, malingat lang tayo, 'ni 'di man lang nakapag-pa-tenk-yu sa 'tin, 'ando'n na naman sa dilim, bitbit ng mga baklang me datung .

GEE-GEE
'Kaw talaga! Pa'no ka naman makakatagpo ng Prince Charming do'n. Manash, may limitasyon ang bente pesos mo 'no! Sabi nga ni Oprah sa cable, quality has a price, remember?

WATERINA
Ba't ba kasi nauso pa ang payo-payola sa mga lalaking pokpok?

GEE-GEE
Aba, kung ako ang tatanungin, tama lang 'yon.

WATERINA

Aber, ba't naging tama?

GEE-GEE
Controlled natin sila. Tamang halaga ang katapat ng ligayang ibibigay n'ya.

WATERINA
Ayoko nang ganun.

GEE-GEE
Gaga ka pala, e.

WATERINA
Mas feel kong ako ang kino-control ng lalaki.

GEE-GEE
Ay, masokista. Tigilan mo ang pantasyang 'yan, ha. 'Di bagay sa image na inaasahan sa 'yo ng mga utaw. 'Di gan'yan ang packaging ko sa 'yo. Dapat malditera ka. Aristokrata. Sosyal. Dapat gayahin mo si Bella Flores.

(Boses ni Bella Flores.)
Federico. Naligo ka na ba, Federico.

O kaya si Celia Rodriguez.

(Boses ni Celia Rodriguez.)
Move, there darling. Move your face away from me. Now.

Aba, ang character reference mo yata e iba. Si Moody Diaz! Dapat papaikutin mo lang ang mga mentsu in the palm of you hand.

WATERINA
E, wa ko nga filatra ang ka-chu-chu-ang 'yan, e.

GEE-GEE
Gan'on? O, sige ituloy mo ang ka-okrayang 'yan. I-explain mo 'yan in three different languages sa lahat ng tao sa mundo na nakakakilala sa 'yo. Tingnan ko lang kung may maniwala sa beauty mo. Manash, pa-kahon ka na. 'Wa na sa pagka-ideal. Matanda ka na para sa gan'yan.

WATERINA
E, gano'n talaga ako.

GEE-GEE
Pero ‘di sa tingin ng iba.

Nakakaasiwa ang katahimikang mamagitan.

Aakmang mag-iisip si WATERINA.

WATERINA
(Halatang pinasigla lang ang mood o tono.)
Doon na lang tayo sa Luneta. Maghahanap tayo ng mga hombreng naglayas. Kakausapin natin sila at bibigyan ng bagong tahanan na tatawagin nilang kanila.

GEE-GEE
Aampon ka pa ng iba, e, ikaw nga, inampon ko lang.

WATERINA
(Magtataray.)
Mama, may career ako. ‘Di ako palamunin lang.

GEE-GEE
(Magtataray din.)
Career? Anong career?

WATERINA
Bakla ako. ‘Di ba karir ‘yon?

Hindi kikibo si GEE-GEE.

WATERINA
A, e, basta, me career ako. Bakit ba? Nanunumbat ka?

GEE-GEE
Hindi, Manash. Ang ibig kong sabihin, ‘wa na sa Luneta. First, nakakahiya sa monumento ni Rizal. Kagalang-galang ang mga kadeteng nagbabantay do’n. Second, wa naman tayo sa pagka-knowing sa skating. Third, lahat ng mentsung rumarampa sa Quirino Grandstand sumapi sa na El Shaddai. Ibang langit na ang iniisip nila. And finally, kilala akes ng mga rumorondang pulis sa Chinese Garden at ikaw naman, sa Japanese Garden. Baka ma-tsenes pa ko sa City Hall? Mahirap na baka ma-tsugi ang aking future.

WATERINA
Other options. Sa love ko na lang kaya? Hmmm, tama, paluluwasin ko sa Maynila ang jowa kong tiga-Bukidnon.

GEE-GEE
Sino jowa?

("Jowa" – lover, boyfriend, love interest, ka-relasyong lalaki.)

WATERINA
Ang one and only true love ko?

GEE-GEE
Sinitch?

WATERINA
Ang lalaking makakasama ko sa 'king pagtanda.

GEE-GEE
Gagah, matanda ka na!

WATERINA
Tama, hahanapin ko ang aking jowa.

GEE-GEE
OK, I'm ready. Let me guess.

Ngingiti si WATERINA.

GEE-GEE
A, alam ko na. Si Dax, 'yong macho dancer?

WATERINA
Hindi.

Si Totoy, 'yong tricycle driver?

Wiz.

Si BJ, 'yong service crew?

Nope.

Si Angelo, 'yong sakristan?

No, no, no.

Si Douglas, 'yong drug pusher?

Chapter.

Si Peter, 'yong hip hop?

Dehins.

Si Jack, 'yong tagasisid sa Malabanan?

Iye.

Si Lakay, ‘yong Ifugao? Wa.

Si Mando, ‘yong matadero? Next.

GEE-GEE
(Aastang bulag.)
Si Greg, ‘yong masahistang bulag?

WATERINA
Malabo.

GEE-GEE
(Aasta pa ring bulag.)
Si Anton, ‘yong piyanista?

WATERINA
E, ba’t bulag ka pa rin ‘yan?

GEE-GEE
Kambal sila, ‘di ba? Parehong bulag.

Tatango si WATERINA.

GEE-GEE
S’ya na?

WATERINA
Of course not.

GEE-GEE
A, ito, sigurado na. Si Brix, ‘yong second year high school?

Ngingisi si WATERINA.

GEE-GEE
‘Yong batang mahilig magbate?

Tatango si WATERINA.

GEE-GEE

S'ya?

WATERINA
Hindi pa rin.

GEE-GEE
(Maiirita na.)
Aba, letse, nag-roll call na ako, wala pa rin. Minuwestra ko na't lahat, hindi pa rin. Akala ko ba one and only true love? Sino ba 'yon?

WATERINA
Si Jumbo!

GEE-GEE
Si Jumbo, 'yong kubrador ng jueteng?

WATERINA
(Sisigla.)
Yes! Yesterday, today, and tomorrow.

GEE-GEE
Ay, oo nga, Manash, nag-iisa si Jumbo.

(Tila may hahawakan. Iaarte.)
Isa. Dalawa. At may sasampalin ka pa!

(Matutuwa.)
S'ya nga si Jumbo. Ang tanging lalaking nagpa-ika sa 'yo!

Hahawakan ni WATERINA ang puwitan niya, parang may binabalikang masayang mga alaala.

GEE-GEE
O, anong drama kay Jumbo.

WATERINA
Sasabihin ko na tama ang pagsasaka ng bukid. Lumuwas na kaagad s'ya at ako na lang ang sakahin n'ya.

GEE-GEE
Correct ka na naman! Amoy lupa ka na kasi. At sabihin mo, tulad ka rin ng bukid na sinasaka n'ya, natitigang ka na rin!

WATERINA
He! 'Di ako matitigang. Forever sariwa ako. Kung si Anita Linda at si Gloria Romero at si Mona Lisa e tumatanggap ng lola roles, ako --- never! Itinakda ni Lord na everlasting ang dalaga-look ko!

GEE-GEE
'Di ba me dyowang girlash si Jumbo? Kaya nga umuwi dahil na-dyuntis ang girlash? Manash, 'di ka ipagpapalit noon sa matris.

WATERINA
E, kung bumili ako ng matris?

GEE-GEE
Tama ka, Girl! Sa halaga ng tsekeng 'to, makakabili ka ng matris.

Magiging animated ang reaction ni WATERINA habang hinihintay na matapos ang sasabihin ni GEE-GEE.

GEE-GEE
...Matris ng baka...

Madidismaya si WATERINA. Mapapa-buntong-hininga.

WATERINA
Hay, naku! Naalala ko na naman. Bago nga pala kami naghiwalay, nagkalinawan na kami. Magkakaibang bagay ang gusto namin sa buhay. Ako, gusto ko ng barakong dyowa. S'ya naman, 100% kipay!

GEE-GEE
E, ‘di ba niluluhuran ka no’n?

WATERINA
Aba, hindi, a. Never! Mas straight pa si Jumbo sa highway sa EDSA. He made me feel like a real woman.

(Mag-iiba ng tono.)
Si Ding ang sinasabi mo.

GEE-GEE
A, oo nga, si Ding, ‘yong naging B-B-B. Binibining Bakla ng Balintawak!

Tatango si WATERINA.

GEE-GEE
'Yong naka-tanso sa 'yo?

Tatango ulit si WATERINA.

Maduduwal si GEE-GEE. Aastang nandidiri.

WATERINA
Anong magagawa ko, maganda ang katawan n'ya?

GEE-GEE
Maganda talaga. 36-24-36!

Iismid si WATERINA.

GEE-GEE
(Mandidiri.)
Ang lansa n'yo! Mga baboy. Mga lesbyana.

Patlang.

WATERINA
Gustong ko talagang balikan si Jumbo.

GEE-GEE
Got a big idea. As big as a big bird!

WATERINA
Ano?

GEE-GEE
E, kung silawin mo sa datung?

WATERINA
Datung?

Paano?

Parang 'di ko kaya.

GEE-GEE
Datung!

Sampalin mo ng tig-iisang libo!

E, tig-lilimang daan?

Masakit ba ‘yon? Depende sa kapal!

WATERINA
(Titingin sa tseke.)
Ilang limang daan ba ‘to?

GEE-GEE
(Iiwas ng tingin.)
Marami-rami na rin. S-siguro.

WATERINA
Parang mahirap.

GEE-GEE
Ang sa akin lang, ngayon kayo magtawaran. Laban o bawi? Bilat o bakla?

WATERINA
Pero ‘di s’ya humingi sa ‘kin ng pera kahit kelan.

GEE-GEE
Safeguard ba ang gamit, Misis? Ako ang iyong kons’yensya.

WATERINA
Minsan lang s’ya humingi. Pamasahe. Pambili ng bigas. Maong. Rubber shoes. Sine. Yosi. Gin. At saka deodorant. ‘Yon lang.

GEE-GEE
‘Di ka nga ginawang ATM, Manash, itinuring ka namang parang 7-11! Miss, me Slurpee ka?

WATERINA
‘Yan, Slurpee, nagpabili rin s’ya n’yan.

Iiling si GEE-GEE.

WATERINA
A, basta, hayaan na natin s'ya. Masaya na s'ya siguro sa kipay n'ya.

(“Kipay” o “bilat” – babae.)

GEE-GEE
Sigurado ka?

WATERINA
Tanggapin na natin ang katotohanan.

GEE-GEE
Anong katotohanan?

WATERINA
Oo, baka mapabalik ko s'ya. Pero hanggang sa magkanong dahilan? Ayoko nang pumasok sa gan'yan, sa sitwasyong alam ko na ang kahihinatnan. Me kasabihan nga, 'di na n'ya kailangang bumili ng gatas kung me makukuha naman s'yang baka na libre.

GEE-GEE
Ang galing, manash! Very Hilda Koronel ang bitaw mo ng linya. Saan mo naman na-getsing 'yan?

WATERINA
Sa Reader's Digest, back issue.

(May panghihinayang.)
Hay, bubuhayin ko na lang ang mga alaala ni Jumbo ---

(Ituturo ang sintido.)
Dito.

(Ituturo ang dibdib.)
Dito.

(Susulyapan ang puwitan niya.)
At higit sa lahat, doon.

GEE-GEE
Acheng, gusto mong kumain?

WATERINA
Ng ano?

GEE-GEE
Ng hotdog. Jumbo!

Pipigilan ni GEE-GEE na matawa.

Lulungkot si WATERINA.

Aanyong mag-iisip si GEE-GEE.

GEE-GEE
E, kung gusto mo, me ay share mo na lang 'yan dito sa atin --- dito sa Home For The Golden Gays.

WATERINA
Home For The Golden Gays?

GEE-GEE
Yes, sa mga kapwa mo gurami!

WATERINA
Sa mga kapwa ko tanderz?

("Gurami" o "tanderz" – matatanda.)

GEE-GEE
Isipin mo na lang, ikaw ang isa sa kanilang magiging sponsor! 'Yong CR sa Home e ipapangalan sa 'yo. Maglalagay ng karatula at nakasulat --- "This comfort room is brought to you by the comfort gay --- Waterina! Please conserve water. Sa tuwina." Bongga 'di ba?

WATERINA
Pero, Manash, seriously, gusto kong tulungan ang Home. Gusto ko talagang magbigay ng unan, punda, kumot, at saka kulambo. O kaya cateter, kung may mangangailangan.

Mapapabuntonghininga si WATERINA. Malalim.

GEE-GEE
O, bakit?

WATERINA
Wala, naisip ko lang bigla. E, ang mga matatandang baklang 'yan naman panay lang ang punta sa Home kapag me media. Maghapon nasa galaan. Hada ro'n, hada rito. Kopas ro'n, kopas rito. Pauring ro'n,

pauring dito. 'Di mapirmi. Laging nangangati. Kulang na lang lumaklak ng Caladryl!

GEE-GEE
Nagmamalinis ka? Ganu'n din naman ang drama mo, a?

WATERINA
Oo nga. Pero ako, sikat. E, sila?

GEE-GEE
Ang taray. Aba, nagmamalaki na yata tayo ngayon. Manash, sa laki ng ulo mo now, tiyak 'di maikakailang meron kang hydrocephalus!

WATERINA
'Di naman, Konsehala. Ang sa 'kin lang, e, magkalinawan tayo.

GEE-GEE
'Di ba masaya naman tayo sa Home?

WATERINA
Sa loob, oo. E, 'pag naghiwa-hiwalay na tayo, ewan na natin.

GEE-GEE
(Seryosong titingnan si WATERINA.)
'Yan ba ang feeling mo?

Tatango si WATERINA.

Tatahimik lang si GEE-GEE.

WATERINA
Kung magkaroon kaya tayo ng mga proyekto?

GEE-GEE
For example?

WATERINA Aerobics class.	GEE-GEE Lahat kayo merong osteoporosis!
Livelihood.	Sa edad n'yo, paggagantsilyo na lang ang talent n'yo.

Acting workshop. Sa drama ng mga buhay n'yo, meron pa ba kayong iluluha?

WATERINA
Exhibit.

GEE-GEE
A, oo naman. Ipakita natin ang koleks'yon ng mga pustiso n'yo. Collage ng mga uban at patay na buhok. I-frame natin ang mga reseta ng gamot. Then, gawan natin ng mga kuwento ang mga senior citizen ID's n'yo...

WATERINA
E, kung sumosyo tayo ke Bro. Eli Mariano. Tipong spiritual.

GEE-GEE
Ano ang topic? Sino ang mauunang tatawagin ni Lord?

Iiwas ng tingin si WATERINA.

GEE-GEE
Subukan natin ang fun run? 5,000 kilometers. Unahan sa finish line ang mga matatandang bakla. Ayaw mo?

WATERINA
Umpisahan mo. Hihintayin na lang kita rito.

Lalayo si WATERINA. Aanyong nag-iisip.

GEE-GEE
Anong iniisip mo ngayon?

WATERINA
Alam mo, madalas noon, iniisip ko kung sino ba ang hinahangaan o kinaaawaan --- ang mga matatandang baklang kasama ko sa Home o ako o pare-pareho lang kami?

Si GEE-GEE naman ang hindi kikibo. Iiwasan niya ng tingin si WATERINA.

WATERINA

Siguro kailangang bumili na lang tayo ng kadena para matigil na lang sa bahay ang mga matatandang bakla. Aba, daig pa nila ang mga kandidata ng Binibining Pilipinas sa dami ng pinupuntahan, a.

(Mapapabuntong-hininga. Malalim.)
Minsan pa nga, naiisip ko, close lang sila sa 'kin dahil madrama ang life story ko.

(Mapapakibit-balikat.)
Pa'no na kaya kung pipitsuging bakla lang ako na ang kuwento ng buhay e umiikot sa pagkakakulong sa kloseta?

Matatahimik na si WATERINA, parang naunawaan ang bigat ng nabitawang salita. Muling siyang uupo, titingin lang sa kalawakan, at ikukuyakoy ang mga paa sa hangin. Ilang saglit pa, tatabi na rin sa kaniya si GEE-GEE.

Titingnan ni WATERINA ang hawak na tseke.

GEE-GEE
Manash, isang simpleng tanong. Me naipon ka ba?

Hindi kikibo si WATERINA. Tila sinampal siya ng tanong ni GEE-GEE.

GEE-GEE
I-bangko mo na lang.

WATERINA
Para sa'n?

GEE-GEE
Sa mga kamag-anak mo.

WATERINA
Mayayaman na sila. 'Di na nila kailangang umasa sa 'kin.

GEE-GEE
Pang emergency.

GEE-GEE
(Titingin kay WATERINA.)
'Di ka na bata.

WATERINA

Nakabili na 'ko ng banig. Nakabalunbon na sa me likod ng pintuan. Kung tigok na 'ko, ibalot mo na lang ako do'n at saka itapon sa Ilog Pasig. Pakiusap ko lang, lagyan mo ng ribbon.

GEE-GEE
Manash, very third world naman 'yan huling habilin mo. Ayaw ni dating First Lady Ming 'yan. Ang tsaka talaga. Bakla para sa Pasig. Tratuhin ba ang sarili na parang piso?Alam mo naman ang Ilog Pasig kasama sa 'ting national patrimony.

WATERINA
(Halos maiiyak.)
Ayoko ng bonggang libing, ha. P'wede ba katulad ng ke Princess Dee. Gano'n lang ka-simple. Kung me coverage, dapat exclusive lang sa isang channel --- sa Animal Planet.

GEE-GEE
At dapat lahat ang suot e kulay baby pink, 'di ba?

Pilit na mapapangiti at mapapatango si WATERINA.

GEE-GEE
Since me pera ka naman, baka p'wede kitang pagawaan ng wax image at ilalagay ko 'yon sa City Hall. Sagot ko ang aircon sa display room mo. Ang kabaong mo ipapa-sponsor ko sa Orocan. Kung gusto mo naman, di kita ipalilibing kung saan-saan lang. Ipapadala kita sa Sagada. Ipapa-mummify kita. At least, kahit patay ka na, babae ka pa rin --- mummy. Isipin mo 'yon. I-pe-preserve kita at gagawin imortal para dakilain ng lahat ng mga bakla ngayon, bukas, at sa darating pang mga henerasyon.

Katahimikan.

GEE-GEE
Takot ka bang mamatay?

Lalayo si WATERINA. Susundan siya ng tingin ni GEE-GEE.

GEE-GEE
Pa'no kung ---?

WATERINA

‘Di ako takot sa kahit na anong bagay.

GEE-GEE
Kahit sa ---?

WATERINA
Bakit?

GEE-GEE
Ewan. Naitanong ka lang.

WATERINA
‘Wag kang tumanggi. Takot ka. Alam ko ‘yan. ‘Di ba, ‘pag may namamatay sa distrito mo, ako ang naka-pronta. Ikaw, panay ang kain mo ng kornik o kaya panay tsika sa mga nag-bi-binggo. Pero ako, panay ang tingin sa mga bangkay. Parang akong mater dolorosa.

GEE-GEE
Mas masarap ang mabuhay.

WATERINA
Sana nga, totoo ‘yan. Alam mo, Mama, minsan sa madaling-araw, nagigising ako, kahit ‘di naiihi, na may ‘di maipaliwanag na pangamba. Maraming pumapasok sa isip ko. ‘Pag gano’n na, kukunin ko ang rosaryo ko. Magdadasal ako. Taimtim. Tapos, kaunting retouch lang, papanatag na ang dibdib ko.

GEE-GEE
Patay na si Mother Theresa. Manggaya raw ba ng style?

WATERINA
O kaya naman, kaunting praising lang.

(Aawitin.)
Ang buhay ng Kristyano ay masayang tunay, masayang tunay.

Pipikit ako. Dadamhin ko ang song. Tapos, pagdilat ko, umaga na. Wala na ang pangamba. Ganoon lang.

GEE-GEE
Wala ka ngang pangamba pero puyat ka naman.

WATERINA
Mama, bakla nga ako pero may takot din ako ke Lord.

Iiwas ng tingin si GEE-GEE.

WATERINA
Iba na pala ang pakiramdam kapag nabayaran na, 'no?

Walang maisagot si GEE-GEE.

WATERINA
Ito lang pala ang halaga (ng istorya) ng buhay ko. Konti lang ang zero.

(Tititig sa tseke.)
Isa. Dalawa. Ay, parang binura pa ‘yong isang zero. Sana sumali na lang ako sa Eat Bulaga o sa Magandang Tanghali Bayan.

GEE-GEE
Mama, okey na 'yan. 'Di ba 'yan din ang gusto mo. At saka, ikaw naman ang nagbigay ng presyo, 'di ba? Ako naman, manager mo lang.

WATERINA
'Yong mga manonood ng pelikula ng buhay ko, matatawa kaya sila o maiiyak. Maawa kaya sila o hahanga? Paglabas kaya nila ng sinehan, pakiramdam kaya nila sulit ang ibinayad nila o hindi? Ano kaya ako sa kanila? Matandang bakla? Gano'n lang?

GEE-GEE
Mama, nag-me-menopause ka na ba? 'Di ako si Charo Santos-Concio. 'Wag mo nang isipin 'yan. Sa buhay na 'to, ika nga ulit ni Oprah sa cable, dapat you take everything lightly. Dapat 'di seryoso.

WATERINA
'Yon nga ang problema ko, e. Kahit kailan 'di ako sineryoso.

Natatakot akong mapanood ang buhay ko sa sinehan. Baka ‘di ko magustuhan ang makikita ko. Ngayong nakapag-isip-isip na ‘ko, ganito pala ang totoong pakiramdam. Walang pangalang takot. Walang kahulugang pangamba.

Pakiramdam ko naghihingalo na ‘ko. ‘Yong tipo bang bilang na ang mga precious moment dito sa mundong ibabaw. ‘Di ba, bago raw matsugi ang isang utaw, me-ay rewind bigla lahat ng mga importanteng episode ng colorful life n’ya? Mabilis na mabilis. Parang sinasabi ni Lord na since matitigok ka na, mag-enjoy ka na ng ilang segundo ng flashback.

(May hinanakit.)
Papa’no kung hanapan nila ng lesson ang buhay ko?

Magkikibit-balikat lang si GEE-GEE.

WATERINA
‘Di ko naman p’wedeng abangan ang lahat ng mga movie-goer at tanungin sila kung maganda ang pelikula ---

(Boses movie-goer.)
Oo, ang ganda-ganda. Ang galing-galing!

At sabihan silang isa-isa na matandang bakla ako at ‘di ako santo.

Mapapabuntong-hininga si GEE-GEE.

WATERINA
Sana ‘wag nila ‘kong ilagay sa kung anong pedestal. Sana matanggap nila kung ano at sino talaga ako.

Tatayo si GEE-GEE.

GEE-GEE
Tama na, Manash.

(Buntonghininga.)
O, ako naman, ha. Alam mo, Manash, sa dami ng mga natulungan ko, sabi nila, p’wedeng-p’wede na akong maging santo. Pero sabi ko, no way. Hindi ko pinangarap na maging santong bakla. Ayokong ma-beautify, este, beatify. Nakakahiya kay San Lorenzo Ruiz, the first Filipino saint.

Tatanawin ni GEE-GEE ang kalawakan ng natatanaw.

GEE-GEE

Alam mo kung bakit ganito kataas ang bahay ko? Kung bakit enjoy ako lagi rito sa bubungan?

WATERINA
May lahi kang pusa?

GEE-GEE
Hindi, Manash. Para walang magsabing mababa ang pinanggalingan ko. At para lahat, lahat sila, tinitingala ako.

Hindi mapipigilan ni WATERINA ang maiyak.

GEE-GEE
Para ke na naging friend kita kong 'di kita pasusunurin sa mga prinsipyo ko sa buhay.

WATERINA
Nagsisisi ka ba dahil naging bakla ka?

GEE-GEE
Hindi. Pinili ko ang buhay na 'to. Iniyakan ko ang punyetang buhay na 'to. Ilang simbahan ang niluhuran ko para lang matanggap ko sa sarili ko na ganito nga ako. Never akong nagsisi.

'Di ba tanggap mo na rin ako? Bakla nga ako pero pinangatawanan ko pa rin ang asawa ko't mga anak. E, ikaw?

WATERINA
Hindi rin. Sana nga sa susunod na buhay ko, bakla pa rin ako. Alam mo, Manash, habang buhay pa 'ko, siguro, meron pa akong chance. Tapos na ang pelikula. Panoorin nila kung gusto nila. Kung wala man silang makuhang lesson sa life ko,sana maitanong din nila sa mga sarili nila ang lesson ng mga buhay nila. Ano nga kaya ang lesson ng mga buhay nila?

Pero ako, gagawin ko ang dapat. Magbabago kung may dapat baguhin. Magsisi kung may dapat pagsisihan. Aasa dahil alam kong 'di tatagal pa ako!

Yayakagin ni GEE-GEE na tumayo si WATERINA.

GEE-GEE
Manash, halika nga rito!

Tatayo naman si WATERINA at yayakap kay GEE-GEE.

Ibubuhos ni WATERINA ang kaniyang mga sama ng loob.

Ilang saglit pa, patatahanin na ni GEE-GEE si WATERINA.

GEE-GEE
Manash, tama na. Ang matandang baklang iyakin, kumikipot ang bibig. Hala ka, mababawasan ang talent mo?

Matatawa na si WATERINA.

Pag-aagawan nila GEE-GEE at WATERINA ang tseke.

Sa huli, si GEE-GEE ang makakakuha ng tseke.

GEE-GEE
Akin 'yan! Kung problema ang tseke na 'to, ako ang di-diskarte.

(Mag-iisip saglit.)
Na-i-kuwento mo na ang buhay mo. Tapos. Tanggapin man nila o hindi ang kuwento mo, sila na ang bahalang magdusa.

(Buntonghininga.)
Sasabihin ko na lang ke Tito Dolps, thank you na lang sa tseke.

WATERINA
Pero, Konsehal, anong gagawin mo sa tseke?

Aasta si GEE-GEE na itatapon ang tseke. Hahabulin niya ng tanaw kunwari.

GEE-GEE
'Yan ang bagay d'yan!

Matataranta si WATERINA. Hahabulin din ng tanaw ang tsekeng akala niya ay itinapon nga ni GEE-GEE.

GEE-GEE
Manash, priceless ang life story mo. Sa idad nating 'to, 'di pera lang ang kailangan ng mga beauty natin. Most of all, dapat pang-dyonawa.

WATERINA
Konsehal, sayang talaga, e.

(Halos maiyak na.)
Nasaan na ang tseke.

GEE-GEE
(Magmamatigas kunwari.)
Ay, naku, pera lang ‘yan.

WATERINA
Konsehal, money is money.

GEE-GEE
Mukha ka bang pera?

Hindi sasagot si WATERINA. Muli niyang hahanapin ang tseke. Saglit pa, matitigilan siya. May makikita sa ibaba ng building. Magbabago na ang mood niya na parang walang nangyari.

WATERINA
Ay, ang bagets. Konsehala, ang bagets na tinatawag ko kanina. Bilis tingnan mo.

Magmamadaling titingnan ni GEE-GEE ang itinuturo ni WATERINA.

GEE-GEE
(Matatawa.)
Iba ka rin, Manash. Biglang nag-shift ang mood mo from desperation to inspiration. Nakakita ka lang ng bagets, nakalimutan mo na ang tseke.

WATERINA
Ay, oo nga pala. Nasaan na ang tseke ko?

GEE-GEE
(May ituturo kunwari.)
Ayun, o!

WATERINA
(Susundan ang itinuro ni GEE-GEE.)
Asan? Wala naman, a.

(Matitigilan.)
Konsehala, ngumiti ang bagets. Super smile talaga. Wow, buong-buo ang mga ngipin.

GEE-GEE
Ang tseke di mo makita pero ang pearly white teeth ng bagets na-sight mo in glaring details!

Tatango si WATERINA. Parang asong nagpapa-cute.

GEE-GEE
(Biglang seseryoso.)
Manash, gusto mo bang magbigay ng scholarship?

Tatango si WATERINA. Paulit-ulit. Tatamis ang kaniyang ngiti.

WATERINA
Bagets na lang ang kulang sa buhay ko.

GEE-GEE
P'wes, kausapin mo na ang bagets at tanungin kung saan n'ya gustong mag-aral. Kahit 'kamo double-degree pa sa college.

WATERINA
(Super excited.)
Di mo talaga itinapon ang tseke?

Tatango si GEE-GEE. Ilalabas ang tseke. Iwawagayway iyon.

WATERINA
Sabi ko nga, e. ‘Di lang ako ang mukhang pera.

GEE-GEE
Manash, ayoko ng Catholic Mass Media Award. Sabi mo nga, money is money. Bayad ‘to sa buhay mo, so by all means, enjoy it.

Ngingitian ni WATERINA si GEE-GEE bago pumuwesto sa may dulo ng roof top at kinawayan ang binatilyong nakita sa ibaba.

WATERINA
Hoy, bagets! High school ka na ba?

Lalapit si GEE-GEE kay WATERINA.

GEE-GEE
Ay, Manash, me kasama pala. Isa pang bagets. Tig-iisa tayo!

WATERINA
Oh, my gosh. Mabait talaga ang langit. Madidiligan ng suka ang natuyong lumpya.

Kikiligin ang dalawa.

GEE-GEE at WATERINA
Hoy, mga bagets. We are here! 'Wag n'yo kaming dedmahin.

Sabay muling kikiligin at magtitili ang dalawa. Tila napansin na sila ng mga binatilyo sa ibaba.

GEE-GEE
Hoy, mga bagets, pumasok kayo!

(Patlang.)
Oo, d'yan sa pintuang bakal. Diretso lang, ha. 'Pag tinanong kayo, sabihin n'yo hihingi kayo ng solicitation sa paliga. Maghubad kayo ng tsinelas para 'di maingay. 'Pag nakita kayo ng Misis ko, dedma lang. Tuloy-tuloy lang ang pasok. Akyat na, ha. Bilis!

WATERINA
Konsehal, pumasok na.

GEE-GEE
See! Kung 'di ko tinapon kunwari ang tseke, wala tayong extrang biyaya ngayon.

WATERINA

Korek ka d'yan, Manash! You are my fairy god mother.

Sabay na kikiligin ang dalawa.

GEE-GEE
Kita mo na. Sa hinaba-haba ng mga lintanya natin, bagets lang pala ang makapagpapaligaya sa 'yo.

WATERINA
Sa 'kin lang?

GEE-GEE
Sa 'ting dalawa --- at siguro sa mga 97 per cent ng mga matatandang bakla dito sa Philippine archipelago at sa pitong malalaking kontinente ng mundo. 'Yan ang tunay na ligaya. 'Yan ang buhay.

WATERINA
May datung at may bagets na may beautiful smile.

Tutugtog ang "This Is My Life", kung p'wede, faster o mas upbeat na version para mas tataas ang mood.

WATERINA	GEE-GEE
(Kay GEE-GEE.)	(Kay WATERINA.)
You are beautiful!	You are gorgeous!

Mag-a-apir ang dalawa.

Muling tutugtog ang "This Is My Life".

Hahagalpak ng tawa ang dalawa. Malakas. Malutong. Parang walang kinikilalang problema sa mundo.

Magdidilim ang tanghalan.

WAKAS

Mga Tala Ng Mandudula

Noong 2001, isang kaibigang photographer ang kumaladkad sa akin sa Pasay. Isang international magazine daw ang kinumisyon siya para kunan si Walterina Markova at si Justo Justo. Ako raw ang susulat ng captions. Exciting ang nangyari kasi sa unang pagkakataon nakakilala ako ng mga taong panay superlatives lang ang alam na adjectives at ang kinasanayang metaphor ay hyperbole. Natapos ang shoot at lumagpas ang deadline pero wala akong naipasang captions. Hindi ko alam kung dahil iyon sa katamaran o mental block episode lang o nalunod ako sa mga kuwento nila. Pero kahit wala akong naisulat, bumabalik ang alaala ng pakikipag-usap ko sa dalawa. Kaya noong sinabing festival ng 10-minute plays ang gagawin ng Writers Bloc, kinati akong laruin ang karanasan ko sa kanila. Sa isip ko, paano kaya kung gumawa ako ng mga tauhang katulad nila pero may twist: magsasabi sila ng totoo.

Nang binasa ang 10-minute version sa Writers Bloc, parang gusto kong maglaslas ng pulso. Maraming naging reactions pero puro 'yong masasama lang 'yong nagrehistro sa akin. Binago ko ng kaunti at hinabaan ng ilang pahina tapos ipinasa ko sa 9th Iligan National Writers Workshop. Napansin naman. Nang binasa na, mas maraming nagkagusto. Tumaba ang puso ko. Pero sabi ng panelist namin na si Dr. Bienvenido Lumbera, naging napakababa raw ng pagtingin ko sa mga tauhan ng dula. Para raw wala silang kakayahan "to go beyond depressive condition" dahil sa huli, "'yon" lang pala ang makapagpapaligaya sa kanila. Pumalag ako. Ipinaliwanag kong gusto ko lang bigyan ng mukha ang isang tragic reality.

Noong 2005, may nakaalala ng dula. Isasama raw sa 1st Virgin Labfest. Hinanap ko ulit sa baul ang kopya. S'werte ako kasi pinayagan ako ni Roobak Valle na dumalo sa rehearsals at magbigay ng kuro-kuro sa ginagawa niya. Limang araw bago ang play date, sumilip kami ni Lou Veloso sa rehearsals ng "Ateng" ni Vince de Jesus. Pareho kaming na-insecure. Sa torture scene pa lang ng "Ateng", laos na kami. Kinabukasan, tinawagan ko si Walterina Markova at si Justo Justo. Nakipag-meeting kami sa kanila. Isang bonggang kuwento ang pakikipagkita naming sa kanila pero ang bottom line, from 14, inabot ng 40 pages ang revised script. Tinalakan kami ni Herby Go. Bakit daw humaba ng sobra? Sabi ko, nabuhay na ang dula. Iba na ito. So, sa sumunod na tatlong araw, kinasihan kami ng langit. Natapos ang blockings, nakabisado ni Lou Veloso at ni Paulo Cabanero ang lines, at binigyan kami ng standing ovation matapos ang pagtatanghal. Makalipas ang labingdalawang araw, namatay si Walterina Markova.

Nang bumalik ang dula sa tanghalan sa tulong ng Tanghalang Pilipino (CCP-Huseng Batute, January, 2006), wala na akong takot. Alam kong madali nang matanggap ng mga manonood na ito ay di lamang tungkol sa dalawang matandang bakla. Higit at ibabaw sa lahat, ito ay tungkol sa pagkakaroon ng totoong kaibigan at pagtanggap sa kalakaran ng buhay. Pumayag akong baguhin ang ending ng dula, hindi para makipagkasundo sa mga kritiko at sa mga taong makikitid ang utak sa pagtanggap sa kabaklaan. Pumayag ako dahil gusto kong ipagdiwang ang tunay na kabuluhan ng buhay na masaya, may pagtanggap, at walang maskara.

Φ